


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 5: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan (El Filibusterismo)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Renato I. Molina Constancia J. Acacio	John Patrick A. Ellorin Evangeline E. Soriano
Editor:	Evangeline E. Soriano Edmundo A. Bisquera	Joel B. Caballero
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega Gina A. Amoyen	Editha T. Giron Elsa M. Calado
Tagaguhit:	Abraham G. Ocan	Amy C. Agustin
Tagalapat:	Abraham G. Ocan	Gilbert R. Esguerra
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
El Filibusterismo**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Mga giliw na mag-aaral, tunay nga na sa pagpapatuloy mo ng pag-aaral at pagbabasa sa modyul na ito ay maipagmamalaki mong may kabataang nagmamalaskit sa bayan, gaya ng ginawa ni Isagani bilang isang mag-aaral.

Alam mo bang sa mata ng ating Diyos lahat tayo ay pantay-pantay, walang mayaman o mahirap, walang mahina o malakas. Kaya naman, walang karapatan ang isang tao na maliitin o husgahan ang kahit sino sa atin maging may kapansanan o nasa mababang uri ng pamumuhay. Dapat din isaalang-alang at maging sensitibo sa ating mga nararamdaman. Mas maganda at maigi na magsabi ng mga papuri sa kapwa kaysa manghusga.

Ang panlilibak sa kapwa ay hindi magandang gawain sapagkat nagdudulot ito ng pagkapahiya sa isang tao at kawalang ng tiwala sa sarili. Totoo man o hindi ang pinaparatang sa kanya ay nagkakaroon pa rin ng malaking epekto sa kanyang pagkatao.

Halika't alamin at tunghayan ang mga pangungutya na ginawa ni Simoun kina Isagani at Basilio.

Pinakalayunin ng modyul na ito na suriin ang tauhan na may kaugnayan sa mga hilig/ interes/ kawilihan/ kagalakan/ kasiglahan/ pagkainip/ pagkayamot/pagkatakot; Pagkapoot/ pagkaaliw/ pagkalibang at iba pa.

Kaya ihanda ang iyong sarili sapagkat panibagong aralin ang ating tatalakayin at titiyaking maraming matututuhan sa modyul na ito. Inaasahang maging mahusay ka sa pagsagot ng katanungang nakapaloob sa modyul.

Sa araling ito malilinig mo ang Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC) na:

- a) Nasusuri ang tauhan na may kaugnayan sa mga hilig/ interes/ kawilihan/ kagalakan/ kasiglahan/ pagkainip/ pakayamot; pakatakot/ pagkapoot; pagkagiliw/ paglilibang at iba pa. F10PN-IVi-j-87



Subukin

Panimulang Pagtataya

Panuto: “Basahin at unawain ang bawat pahayag, isulat ang Tama, kung wasto ang konseptong nais iparating at Mali kung hindi.

- _____ 1. Ang kahulugan ng “Sa Ilalim ng Kubyerta” ay ipinapakita ng pagkakaroon ng diskriminasyon.
- _____ 2. Ang sinisimbolo ni Isagani ay katarungan para sa lahat ng kanyang kababayan.
- _____ 3. Anak ni Padre Florentino si Isagani.
- _____ 4. Si Isagani ang dahilan kung bakit ang pag-aalsa ni Simoun ay hindi nagtagumpay.
- _____ 5. “Ang panukala ay hindi mahalaga para sa mga mag-aaral kung kaya’t walang dahilan upang itoy sang-ayunan.” wika ni Sandoval
- _____ 6. Hindi tinanggap ni Kapitan Basilio ang paniniwala ng mga estudyante sa kabutihan ng kanilang panukala.
- _____ 7. Hindi magaling at sikat na abogado si Ginoong Pasta kaya kaunti lamang ang kanyang kliyente.
- _____ 8. Sa panonood sa palabas masaya ang lahat ng mga estudyante maliban kay Isagani.
- _____ 9. Si Ginoong Pasta ay sumasagisag sa mga Pilipinong nagnanais na manatiling sakop ng mga Kastila ang Pilipinas.
- _____ 10. Si Makaraig ay isang estudyante na mayaman at matapang namuno sa pagpapatayo ng Akademya para sa kabataang Pilipino.

Gawain 1

Panuto: Tukuyin ang damdaming namumutawi sa bawat pahayag ng mga tauhan. Piliin sa loob ng kahon ang sagot at isulat ito sa patlang.

Kawalang-pag-asa	Pagmamatuwid	Panunuya
Kahinaan ng loob	Panghihinayang	

-
1. Ang mga tao sa una ay may mga sagabal sa nais nilang mangyari sapagkat iniisip nila agad ang balakid bago ang kabutihan nito. –Isagani
-
2. Ang panukala ay mahalaga para sa mga mag-aaral kung kaya't walang dahilan para ito'y tutulan. – Sandoval
-
3. Kung ako'y matanda na lumingon sa aking kabataan na walang nagawa para sa bayan, ang puting buhok ko ang magsisilbing tinik sa akin. – Ginoong Pasta
-
4. Takot ang pamahalaan na matuto tayo ng Espanyol dahil mas madali natin silang mauunawaan at ang batas. Kailan ba tayo makakapangatwiran nang hindi nagiging pilibustero – Pecson
-
5. “Bata ka pa nga walang alam. “Tingnan ninyo ang mga bata sa Madrid na nagnanais ng pagbabago, sila ay inakusahang pilibustero. May iba't ibang uri ng pinuno ang ila'y palalo ang iba'y may katuwiran. pamahalaang kolonyal, natatag nang hindi tama. – Ginoong Pasta

Aralin

1

Si Isagani, Isang Marangal Na Mag-Aaral



Balikan

Ngayon ay ating subukin ang iyong imbak na kaalaman sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga impormasyong natutuhan sa naunang aralin.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang mga salitang kukumpleto sa bawat pahayag. Punan ang bawat patlang sa bawat pangungusap.

pari	putik	pabalang	pangalan
paggalang	pasigaw	pag-ibig	papel

1. Ano ang napag-usapan na suliranin ukol sa mabagal ang pagkilos ng bapor sa _____ na taglay ng ilog.
2. Sa Kabanata 13 ay nagalit si Placido sa sinabi sa kanya ni Padre Millon kaya niya rin ito sinagot nang _____ at walang paggalang.
3. Hanggang sa matapos ay nagpatuloy sa pagsiserman ang _____.
4. Ang mga estudyante ay pumapasok para hindi mamarkahan ang kanilang _____.
5. Ang bawat nilalang ay may karapatang makatanggap ng _____ anuman ang kalagayan sa buhay.



Tuklasin

Ngayon ay atin nang talakayin ang mga kabanata ng El Filibusterismo. Tiyakin mong nauunawaan mo ang kuwento upang sa gayon ay madali mong masagot ang mga tanong sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

KABANATA II SA ILALIM NG KUBYERTA

Mahahanap sa ilalim ng kubyerta ang karamihan ng mga pasahero ng Bapor Tabo. May kanya -kanyang ginagawa ang mga tao sa ilalim ng kubyerta. Ang ilan ay natutulog, iba ay masayang lumulundag sa mga baul at ang iba naman ay nagkasya na lamang sa pananahimik at pagmamasid. Marami sa mga pasahero ay mga estudyante na nag uusap tungkol sa aralin sa Pisika o kaya nama'y magagandang binibini.

Nakikipagtalo ang dalawang mag-aaral sa isang matandang malakas pa, at tumawid si Basilio na isang estudyante ng medisina ay nakasuot ng itim na itim. Siya ay kilala sa pangangalaga ng maysakit.

Mataas, mataba, at malaki na kabataan si Isagani. Isa siyang makata na nakatapos sa Ateneo at may ugaling pagkamalungkutin. Ang kanilang kausap ay si Kapitan Basilio. Sinabi ni Basilio na si Kapitan Tiyago ay tulad pa rin ng dati na ayaw mag pagamot at magpa-alaga. Humihitit siya ng apyan sa sulsol ni Padre Irene. Ang apyan ay isang salot ng bagong panahon.

Binalikan ng tatlo ang pagtatalakay sa Akademya ng Wikang Espanyol. Sinabi ni Kapitan kay Basilio na hindi ito maisasagawa dahil tututulan ito ni Padre Sibyla. Sinabi ni Isagani na matutuloy ito dahil sa tulungan sila ni Padre Irene matapos bigyan ng dalawang kabayong kastanyo.

Ipinaliwanag ni Basilio na kukunin nila ang salaping gagamitin sa mga propesor na Espanyol at Pilipino gayundin sa mga estudyante. Idinagdag pa niya na ang mayamang si Macaraig ay nag alok na gawing bahay paaralan ang isa sa kaniyang bahay.


Tinanggap ni Kapitan Basilio ang paniniwala ng mga estudyante sa kabutihan ng kanilang panukala, sabay sabing hindi mapag-aaralan ang Latin, mapag-aaralan naman ang wikang Espanyol, bilang patunay na tayo'y lumalakad nang paurong. Ayon kay Isagani, ang mga tao sa una ay may mga sagabal sa mga nais nilang mangyari sapagkat iniisip na kaagad ang balakid bago ang kabutihan nito.

Kasalukuyan silang nag-uusap nang banggitin ni Basilio si Paulita na ikinamulat ni Isagani, na di umano'y nasabi niyang walang kapares sa ganda ang

dalaga at sa kaniyang ipinahahanap ng tiyahin nitong si Donya Victorina ang asawang si Don Tiburcio na nagtatago sa bahay ng kaniyang amaing si Padre Florentino.

KABANATA XIV SA BAHAY NG MGA ESTUDYANTE

Ang bahay ni Makaraig ay malaki at maluwag. May dalawang palapag ito at pawang mga lalaki ang nakatira dito. Kung unang oras ng umaga ay tahimik dito ngunit pag sapit ng ikasampu nagiging magulo ang paligid. Una'y mga lalaking nagtatawanan, nagsasayawan at naglalaro ng mga palakasan.



May walo hanggang siyam na mag-aaral ang nasa hagdanan at nagsasagupaan gamit ang baston, sibat, at silo.

Natatamaan ng mga ito ang isang tinderong Tsino. Mahilig silang pagkatuwaaan ito at baratin ang tinda. Ang mga taga-Ateneo ay nag-aaral samantalang ang iba naman ay naghihintay na makapaglaro ng baraha. Nanahimik ang lahat nang dumating si Isagani at si Sandoval na pinapunta ni Makaraig.

Magiliw silang tinanggap upang pakinggan ang ulat tungkol sa Akademya ng Wikang Espanyol. Si Sandoval ay pumunta ng Pilipinas upang magtapos ng pag-aaral.

Ang matabang lalaki na si Pecson na nagsabing baka ipakulong silang lahat ayon sa payo ng Obispo. Umilag si Juanito sa usapan at sinabing si Isagani at Sandoval lamang ang naniniwala sa tagumpay.

” Ang panukala ay mahalaga para sa mga mag-aaral kung kaya’t walang dahilan upang ito’y tutulan.” winika ni Sandoval.

“Takot ang pamahalaan na matuto tayo ng Espanyol dahil mas madali natin silang mauunawaan at ang batas. Kailan ba tayo makakapangatwiran nang hindi nagiging pilibustero,” sagot ni Pecson.

Nagduda si Pecson sa pagkakaroon ng katuparan ng kanilang kahilingan.

“Hindi masasayang ang iyong pag-hihirap, sa halip ay makakatuklas tayo ng hindi pa natutuklasan ninuman,” sagot ni Sandoval. Nagtanong si Basilio kung ano ang kasunod nito.

Sinabi ni Sandoval na kung walang Pilipinong maglalakas loob ay siya ang makikipagsagupa upang malabanan ang paghadlang sa kautusan ng hari. Nagyakapan si Isagani na maaaring ang lahat ng Pilipino ay maging Sandoval.

Sa pagdating ng Pangulo ng kilusan na si Makaraig. Dala niya ang salita na nasa kamay na ni Don Custodio ang usapin at dapat nila itong mapasang-ayon. Siya ay mayaman, maayos ang tindig at masipag mag-aral.

KABANATA XV SI GINOONG PASTA

Pumunta si Isagani kay G. Pasta, isa sa mga pinakatanyag na abogado sa Maynila. Matagal nang naghintay si Isagani sa kaniyang pagkakataon upang makausap ang abogado. Pumasok na siya at palihim siyang tiningnan sa paa na hindi lamang inalok ng upuan. Matanda na ang abogado at kumalat na ang upaw sa tuktok ng kanyang ulo.



Tahimik ang tanggapan ng abogado. Tanging mga empleyado lamang ang lumilikha ng tunog. Pagkatapos magsulat ng abogado ay tiningala na niya si Isagani. Kinamayan niya ito matapos makilala at kinamusta ang amain. Naging panatag ang loob ni Isagani kaya't isinalaysay na niya ang mga pangyayari. Uminit ang ulo ng abogado matapos narinig ang tungkol sa mga prayle, *Vice-rector*, Kapitan Heneral at mga panukala.

Si Isagani ay nagpatuloy at sinabi ang pagtitiwala ng mga kabataan sa kanya. Naniniwala siya na siya ay mamamagitan sakaling sumangguni si Don Custodio. Ngunit nagpasya si G. Pasta na hindi siya makikalam sa usaping ito.

Alam niya ang usapin tungkol sa Los Baños at hindi lamang si Padre Irene ang sumasang-ayon dito. Magtatagumpay na sana ang isang mangangalakal kung hindi namagitan si Padre Sibyla. Nilito niya si Isagani at inilihis ang paksa ng usapan. “Oo, nangunguna ako sa pagibig sa ating bayan at nais ko rin ang pag-unlad sa ating bayan. Ngunit ang aking kalagayan ay maselan. Marami akong ari-arian na dapat kong pag-ingatan.”

“Wala po kaming hangad na kayo’y mapahamak.” sagot Isagani. “Napakakaunti po ng nalalaman ko sa mga batas, kautusan at mga lathala. Alam kong hindi masamang makiisa sa adhikain ng ating pamahalaan.

“Maganda ang tumulong sa pamahalaan, kung ito’y sumusunod sa mga kautusan at pinagbabantayan.” Natawa ang abogado sa pag-aakalang nalito na ang binata. Sumagot si Isagani, “Sa aking palagay dapat humanap ng ibang batayan ang pamahalaan.

Ang tingin ko sa batayan natin ay mahina”. Nagtaas ng ulo si G. Pasta at sinabing “Isantabi na lamang nila ang kanilang hakbang sapagkat ito’y mapanganib. Dapat na lamang nila itong ipaglaban sa pamahalaan dahil ito ang makakabuti.”

“Itinatag ang pamahalaan para sa mga mamayanan.”

Upang matupad ang kanilang layunin dapat nilang pakinggan ang mamayanan,” wika ng binata. Nagpalitan ng usapan si Isagani at ang abogado. Tinalakay nila ang tungkol sa pamumuno ng pamahalaan, ang layunin nito at responsibilidad sa mamayanan.

Nainis si Isagani sa abogado kaya tumugon siya. “Kung karapat-dapat ang hinihingi ng bayan sa pamahalaan dapat niya itong ikatuwa, marami tayong hinihingi katulad ng simbahan sa Diyos. Ngunit hindi ito nagpapakita ng pagkamuhi kailanman. Alam ninyong marahas ang pamahalaan na upang manatii ang kapangyarihan ay nang-aangkin sa lahat ng bagay. Ang bayang galit sa pamahalaan ay walang nais gawin kundi iwan ang pamahalaan. Napangisi ang abogado at umiling -iling.

“Bata ka pa nga walang alam. “Tingnan ninyo ang mga bata sa Madrid na nagnanais ng pagbabago, sila ay inakusahang pilibustero. May iba’t ibang uri ng pinuno ang ila’y palalo ang iba’y may katuwiran. pamahalaang kolonyal, natatag nang hindi tama. Nagsuot ng salamin ang abogado at kunwaring may binabasa. Nagpasya nang umalis si Isagani. “Mainam na hayaan ninyo ang bagay na iyon sa pamahalaan. Sinabi na ang Vice-Rector ay hindi sumasang-ayon sa Wikang Espanyol.

Paparito siya upang baguhin ang pagtuturo. Mag-aral na lamang kayo para sa nalalapit na mga pagsusulit. “Ikamusta mo na lang ako kay Padre Florentino.” “Gaya ng sa ama ko, hindi ako naparito para sa aking sarili ngunit para sa lahat,” sagot ni Isagani.

“Sige! Gawin ninyo iyan mag-aral kayo at magpakapanot tulad ko. Alila ako noon buti na lamang ay nakapagtapos ako ng hindi ako nangangailangan ng Akademya o pamahalaan,” wika ng abogado.

Nagpatuloy ang diskusyon ng dalawa at pagkatapos ay tumayo na ang abogado at inakbayan ang binata.

“Sundin ninyo ang aking payo at mag -aral kayo ng medisina.

Matuto kayong makinabang gaya ng iba.

Umiwas kayo sa may kinalaman sa bayan.

Maniwala kayo at balang araw ay pasasalamat rin ninyo ako.” “Kung ako’y matanda na at lumingon sa aking kabataan na walang nagawa para sa bayan, ang puting buhok ko ay magsisilbing tinik sa akin,” nagpaalam si Isagani pagkatapos. Natigilan ang abogado at tinanong ang binata.

“Kaawa-awang binata.” Walang makukuha ang tulad niya sa pag-uunlad ng sarili. Sinong hindi magsasabing ginawa ang isang bagay para sa akin bayan? Kaawa-awa!”

KABANATA XXII ANG PALABAS

Alas-otso ng gabi ang palabas ngunit hindi pa ito sinisimulan dahil wala pa ang Kapitan Heneral.

Dahil sa pagkainip maingay ang mga tao, marami ang pumapadyak at sumisigaw sa kanilang mga upuan.

Upang mabawasan ang kanilang pagkainip tumutugtog na ang orkestra.

Isang pangyayari ang nagpasiya sa mga tao.

Nakikipag-agawan ng upuan ang Pilosopong si Don Primitivo.

Nagsisigawan ang mga tao kung ibibigay o hindi ang upuan at sila'y naaliw dito.

Pinatugtog ang Marcha Real sa pagdating ng Kapitan Heneral.

Tumahimik ang lahat at nagsimula ang palabas.

Nakaupo na ang mga estudyante sa harapan ni Pepay.

Handog ito ni Makaraig upang palambutin ang puso ni Don Custodio.

Masaya ang mga estudyante maliban kay Isagani.

Napilitang manood si Don Custodio sa kabila ng pagtutol.

Nakita ni Isagani si Paulita na kausap si Juanito.

Sinulyapan siya ng kasintahan na waring magpapaliwanag.

Si Juanito naman ay umaastang nakaiintindi ng Pranses.

Tinitingan niya ang ekspresiyon ng mga nanonood at ginagaya ito. Gayundin ang ginagawa ni Tadeo at Sandoval.

Umawit si Serpolette, pinalakpakan ni Padre Irene ang kaibigan mula sa Europa. Nang mag-itermisyon, pintas ng pintas si Ben Zayb. Bilang isang manunulat naniniwala siyang pamimintas ang nararapat niyang gawin. Napansin nilang bakanteng lugar at ipinalagay na para ito kay Simoun. Kinausap ni Makaraig si Pepay habang si Tadeo ay kay Don Custodio. Nagtatalo ang mga estudyante tungkol sa wikang Pranses nang nagbalit si Makaraig. Malungkot na sinabi niya na sumang-ayon ang mga ito sa kanilang kahilingan sa paraang gsito ng mga prayle. Umalis si Isagani na walang pag-asa." Tayo'y magiging Cabeza de Barangay na magiging tagasingil ng abuloy kung gayon", sabi n Tadeo.

"Ang higit na maganda ay ang pagpayo sa atin ni Padre Irene na magdiwang bilang pasasalamat sa lahat ng lumahok," wika ni Makaraig.

"Tama, isang piging para sa mga bilanggo," sabi ni Tadeo.

Tumugon si Sandoval na dapat lahat sila ay nakasuot panluksa. Magsisimula na ang ikalawang bahagi nang tumayo ang mga estudyante at nilisan ang bulwagan.

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawain at bawat pahayag, Pagkatapos isulat ang tamang salita sa patlang na akma para mabuo ang pangungusap.

1. Masasaya ang mga estudyante sa ilalim ng kubyerta dahil malapit na silang _____.
(magbakasyon , . magtapos makapasa . makapasyal)
2. Si Sandoval ay pumunta sa Pilipinas para matapos ang kanyang _____.
(pag-aaral . plano pangarap . proyekto)
3. Winika ni Sandoval na ang panukala ay mahalaga para sa mag-aaral kaya't walang dahilan upang ito'y____.
(. ituloy . sirain tugunan . tutulan)
4. 4. Tinalakay ni Isagani at ng abogado ang pamumuno sa pamahalaan ang layunin nito ay responsibilidad sa____.
(kaaway kaibigan kamag-anak . mamamayan)
5. Si Senyor Pasta ay tanyag na abogado kaya marami siyang____
(kaaway kaibigan . kasama kliyente)



Suriin

Nakapaloob sa mga tanong sa ibaba kung nagtagumpay ba ang mga kabataan sa kanilang hangarin na magkaroon ng Akademya ng wikang Kastila.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan ayon sa iyong sariling opinyon.

1. Ano ang malalim na dahilan kung bakit ipinakikipaglaban ng mga kabataan ang pagtatayo ng akademya?

2. Ano ang ambag ni Padre Irene sa adhikain ng mga kabataan?

3. Paano tinanggap sina Isagani at Sandoval sa paaralan?

4. Bakit inalok ni Makaraig na gawing bahay-paaralan ang isa sa kanyang bahay?

5. Bakit hindi sumang-ayon si G. Pasta sa panukala ng mga estudyante hinggil sa Akademya ng Wikang Espanyol?
-



Pagyamanin

Ang mga matalinghagang pahayag ay ekspresyong may malalalim na salita o pahayag na hindi lantaran ang kahulugan na ipinapahiwatig nito. Sinasalamín nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng Wikang Filipino.

Gawain 1

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga matalinghagang pahayag mula sa mga tauhan sa kabanata. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. “Tumulad na rin siya sa iba pang tulad niya na napahamak sa nawalan ng dangal.”
 - a. nagalak
 - b. nagapi
 - c. nasadlak
 - d. natalo
2. “Kailangang maging marangal ang kapalaran.”
 - a. maganda
 - b. malinis
 - c. matapat
 - d. madaya
3. “Ang bayang galit sa pamahalaan ay walang nais gawin kundi iwan ang pamahalaan.”
 - a. pabaya
 - b. mapagmahal
 - c. walang pagmamalasakit
 - d. hindi gusto ang pamamalakad ng pamahalaan
4. “Hindi masasayang ang iyong paghihirap sa halip ay makakatuklas tayo ng hindi pa natutuklasan ninuman”.
 - a. matiyaga
 - b. masaya
 - c. masunurin
 - d. magalang

5. Itinatag ang pamahalaan para sa mamamayan.
 - a. makabayan
 - b. makasarili
 - c. makata
 - d. mayabang

Gawain 2

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga magagandang katangian ni Isagani ang hinangaan mo? Ipaliwanag.

2. Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa iyong sariling bayan?

3. Para sa iyo, gaano kahalaga ang edukasyon?

4. Dapat bang makiaalam sa suliranin ng bayan ang isang kabataang katulad mo?

5. Paano naiiba ang kabataan noon sa mga kabataan sa kasalukuyan?



Isaisip

Bumuo ng maikling pagpapaliwanag ukol sa sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang nangibabaw sa tinalakay na mga kabanata. Isulat sa patlang ang sagot.

Gawain 1

Panuto: Dugtungan ang mga kataga upang mabuo ang diwa ng pahayag ayon sa iyong sariling pananaw.

1. Sisikapin kong makatapos ng pag-aaral at ipaglalaban ang aking karapatan para

2. Naniniwala ako na higit na uunlad ang mga kabataang Pilipino kung

3. Sa aking palagay, magtatagumpay ang isang tao kung magsisikap at _____
4. Matutuwa ako kung isa ako sa mga kabataang. _____
5. Masakit sa akin kung makikita kong ang mga mahal ko sa buhay ay... _____

Gawain 2

Panuto: Pangkatin ang mga pangungusap at tukuyin ang dapat at hindi dapat gawin. Piliin at isulat sa baba ang mga sagot.

1. Ipaabot ko ang suliranin sa kinauukulan.
2. Bahala na mahalaga basta makapasa ako.
3. Magra-rally ako at hindi papasok sa paaralan.
4. Iparamdam ko na wala akong gana sa pag-aaral.
5. Wala akong gagawin ganyan talaga ang pamahalaan.
6. Mag-aral na mabuti at huwag isipin ang problema ng bayan.
7. Magtiis muna hanggang mabigyan ang lunas ng kinauukulan.
8. Sundin ang mga magulang at huwag nang makialam sa problema ng bayan.
9. Pagsabihan at magalit para malaman nila ang mga hinaing ng mga estudyanteng tulad ko.
10. Sisikapin kong makatapos ng pag-aaral at abutin ang aking pangarap sa kabila ng hinanaharap na pagsubok sa buhay.

Mga Dapat Gawin

1.
2.
3.
4.
5.

Hindi Dapat Gawin

6.
7.
8.
9.
10.





Isagawa

Panuto: Sagutin ang sitwasyong nasa ibaba.

Kung sakaling mapasama ka sa isang *rally*, ano ang gusto mong isulat at iparating na panawagan sa pamahalaan o sa kinauukulan na sa iyong palagay ay makatutulong sa iyo bilang isang mag-aaral?

Pamantayan sa Pagwawasto (Rubrik)	
Nilalaman	50%
Organisasyon	25%
Kaangkupan sa Sitwasyon	25%
Kabuuan	100%





Tayahin

Panuto: Sa mga pangunahing tauhan sa kabanata, ilahad ang kanilang mga pag-uugali at pananaw na maiuugnay sa karapatang pansarili at isyung panlipunan.

Tauhan	Pag-uugali	Pananaw
1. Isagani		
2. Makaraig		
3. Ginoong Pasta		
4. Don Custodio		
5. Padre Irene		



Karadagang Gawain

Panuto: Isulat sa kahon ang mga mahahalagang kaisipan na natutuhan mo mula sa mga tauhan.

1. Ginoong Pasta

2. Isagani

3. Padre Irene

4. Macaraig

5. Don Custodio



Susi sa Pagwawasto

1. D
2. C
3. C
4. A
5. A

GAWAIN 1

1. A
2. A
3. D
4. D
5. D

TUKLASIN

1. Putik
2. Pabalang
3. Pari
4. Papel
5. Pag galang

BALIKAN

1. Kahinaan ng loob
2. Kawalan ng pag asa
3. Pang hihinayang
4. Panunuya
5. Pagmamahal

Gawain 1

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali
6. Mali
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Tama

SUBUKIN

Gawain 2

Nakabatay ang sagot sa mag aaral.

Surtin

1. Sapatkat naniniwala sila na ito ay makabubuti sa kanila at kapag natuloy, ito ang magbibigay ng pantay na karapatan tulad ng mga Kastila.
2. Nakisa sa pagtalakay at pagtatag ng Akademya ng Wikang Kastila
3. Dahil silay matatalino ay may paninindigan at upang pakinngang ang kanilang ulat tungkol sa Akademya ng wikang Kastila
4. Dahil ito ay malaki at maluwang at inalok naman ito ni Makaraisig
5. Dahil marami na raw pagaari si G. Pasta kayat kailangan na daw niyang kumilos ayon sa batas, at ayon sa kanya mas makabubuti kung ang pamahalaan na ang kumilos tungkol dito.

Pagyanamin

Gawain 1

1. b
2. c
3. c
4. a
5. a

Gawain 2: Nakabatay ang sagot sa mag-aaral.

ISA ISIP: Nakabatay ang sagot sa mag aaral.

GAWAIN 1 : Nakabatay ang sagot sa mag aaral.

GAWAIN 2

1. Ipaabot ko ang suliranin sa kinauukulan
2. Mag-aral ng mabuti at huwag isipin ang problema ng bayan
3. Sundin ang magulang at huwag nang makialam sa problema ng bayan
4. Sisikapin kung makatapos ng pag-aaral at abutin ang aking mga pangarap sa kabila ng Hinaharap ng pagsubok sa buhay
5. Magtis muna hanggang mabigyan ang lunas ngkinauukulan
6. Bahala na basta maka pasa ako
7. Mag-ra-rally ako at hindi papasok sa paaralan
8. Wala akong gagawin ganyan talaga ang pamahalaan
9. Pagsabihin at magalit para malaman nila ang mga hinain ng mga estudyanteng tulad ko
10. Iparamdam ko na wala akong gana sa pag aaral

ISAGAWA: Nakabatay ang sagot sa mag- aaral.

TAYAHIN: Nakabatay ang sagot sa mag- aaral.

KARAGTAGANG GAWAIN: Nakabatay ang sagot sa mag- aaral.

Sanggunian

- De Guzman, Ma. Odulio. 1960., Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore.
- De Vera, Estrella E, et al, 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore
- Nem Singh, Eosario P. 2003 , El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal, Binagong Edisyon, ISA-JECHO PUBLISHING
- Marasigan, Emily V. 2017 Pinagyamang PLUMA 10 (k to 12), Karapatang-ari ng Phoenix Publishing House, Inc.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Unang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Ikalawang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph